Republic of the Philippines
Department of Education
Region III-Central Luzon
Schools Division Of Bulacan
District of Hagonoy East
IBA-IBAYO ELEMENTARY SCHOOL

**Edukasyon sa Pagpapakatao**
Ikalawang Baitang

Ikalawang Lagumang Pagsusulit
Unang Markahan

Talaan ng Ispesipikasyon

| Layunin | Layuning Panturo | Blg. ng Araw ng Pagtuturo | Bl.g ng Aytem | Madali | Katamtaman | Mahirap |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Kinalalagyan ng Item | | |
| 1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento | Pag-alala | 2 | 3 | **1,2,3** | | |
| 2. Nabibigyang halaga ang mga tuntuning ginagawa upang makapasok ng tamang oras | Paglalapat | 2 | 3 | **4,5,6** | | |
| 3. Natutukoy ang mga larawan na nagpapakita ng paghahanda sa pagpasok | Pag-alala | 1 | 3 | **7,8,9** | | |
| 5. Naiisa-isa ang mga hakbang sa paggwa ng banderitas | Pagkaunawa | 1 | 3 | | **13,14,15** | |
| 6. Natutukoy ang mensaheng nais ipahatid ng larawan | Pag-alala | 2 | 3 | **10,11,12** | | |
| 7. Nakapagbibigay ng saloobin ukol sa ibat'ibang sitwasyon. | Paglalapat | 1 | 3 | | **16,17,18** | |
| 8. Napapahalagahan ang mga tuntuning dapat gawin upang matapos ang gawain | Paglalapat | **1** | **2** | | | **19-20** |
| Total | | **10** | **20** | **12** | **6** | **2** |

Ikalawang Lagumang Pagsusulit
Unang Markahan

**Edukasyon sa Pagpapakatao**

Pangalan: ______________________________________________ Baitang __________________
Guro : _________________________________________________ Puntos __________________

Panuto; Piliin ang titik ng tamang sagot.

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong

Ang Magkapatid

Tuwing gabi, bago matulog ang magkapitd na Lorna at Rolan ay inihahanda na nila ang kanilang mga gamit sa pagpasok. Isinasabit na nila ang kanilang uniporme sa lugar na madali nilang makita. Sinisigurado rin nilang handa na ang kanilang mga gamit sa bag bago sila matulog.

Pagkagising sa umaga, sabay silang nagdarasal at nagpapasalamat sa Diyos sa magandang umaga. Inililigpit nila ang kanilang higaan. Matapos kumain ng almusal ay naligo na sila at nag-ayos para sa pagpasok.

_____ 1. Ano ang ginagawa ng magkapatid bago matulog?

a. Naglalaro ng computer games c. Nanood ng paboritong drama sa TV.
b. Inihahanda ang mga gamit. d. Nagkukwentuhan

_____ 2. Ano ang kanilang unang ginagawa pagkagising?

a. Nagsesepilyo b. nagdarasal c. naglilinis ng bahay d. kumakain ng almusal

_____ 3. Bakit ginagawa ng magkapatid ang paghahanda bago pumasok?

a. Upang makapaglaro c. upang hindi mahuli sa pagpasok
b. Upang premyuhan ni nanay d. upang matuwa ang Nanay at tatay

_____4. Ano ang dapat mong gawin pagkatapos kumain ng hapunan?

a. Manood ng telebisyon
b. Ihanda angmga gamit sa pagpasok
c. Makipaglaro sa mga kaibigan
d. Matulog agad

_____5. Ano ang mabuting bunga ng maagang paghahanda ng mga gamit na gagamitin sa paaralan?

a. Walang malilimutang gamit at Gawain
b. Hindi makakapasok ng maaga
c. Walang maidudulot na mabuti
d. Walang makakakuha ng gamit

_____ 6.. Oras na para matulog at may pasok inabukasan subalit maganda ang palabas sa telebisyon. Ano ang daapat moing gawin?

a. Matulog ng maaga para magising sa tamang oras
b. Tapusin ang palabas
c. Panoorin pa ang susunod na palabas
d. Aayainang mga apatid na manood ng palabas

Lagyan ng / ang larawang nagpapakita ng wastong paghahanda sa pagpasok

7. A.______

B._____





8. A.________  B. ______ 


9. A.___________  B.______ 

_____ 10. Ano ang dapat mong gawin sa ipinakita ng larawan?



a. Linisin at ayusin.
b. Hayaang ganoon na lamang.
c. Ipalinis sa katulong
d. Itapon lahat ng gamit

_____ 11. Kung dinatnan mong ganito ang inyong lababo, ano ang gagawin mo?



a. Hahayaan ang mga urungin
b. Huhugasan ang mga plato
c. Hindi ko papansinin
d. Hintayin si nanay

_____ 12. Nasa washing area ka at nakita mo ito, ano ang gagawin mo?



a. Hahayaan koi tong tumutulo
b. Tatawagin ko ang janitor
c. Isasara koi to para hindi tumulo
d. Ipaliligo ko ang tubig dito.

______ 13. Ano ang unang hakbang sa paggwa ng banderitas?

a. Kumuha ng tali na may 2 metro ang haba  c. gumupit ng art paper na iba'iba ang kulay
b. Isabit ang banderitas sa loob n silid aralan.  d, idikit ang mga hugis tatsulok sa tali.

_____ 14. Matapos magupit ang makukulay na art paper, ano ang susunod na hakbang?

a. Kumuha ng tali na may 2 metro ang haba  c. gumupit ng art paper na iba'iba ang kulay
b. Isabit ang banderitas sa loob n silid aralan.  d, idikit ang mga hugis tatsulok sa tali.

_____ 15. Ano ang huling hakbang matapos magawa ang banderitas?

a. Kumuha ng tali na may 2 metro ang haba  c. gumupit ng art paper na iba'iba ang kulay
b. Isabit ang banderitas sa loob n silid aralan.  d, idikit ang mga hugis tatsulok sa tali.

_____ 16. Ano  ang dapat mong gawin sa mga hinubad mong damit?

a. Ikalat sa sahig b. Ipadampot Sa nanay c. Ilagay sa lalagyan d. Itago sa bag

_____ 17. Ano ang dapat mong gawin sa mga gamit mo matapos kang gumawa ng assignment?

a. Iwan sa mesa b. itago sa bag c. Ipaligpit kay nanay d. ikalat sa sahig

_____ 18. Pagkagising sa umaga, ano ang dapat mong gawin sa iyong kumot at unan.

a. Tiklupin at ligpitn b. iwan na lamang c. ipaayos kay nanay d. hayaang magulo

19-20.Isulat ang saloobin mo sa loob ng puso.

May proyekto kayong ipinapagawa ng inyong guro, ano ang nararapat mong gawin upang maipasa ito sa takdang oras?

